Umiiral at binabalak na mga panukala sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng lahi

Kagawaran ng Serbisyo sa Paagusan (Drainage Services Department)

Ang Kagawaran ng Serbisyo ng Paagusan (DSD) ay nakatuon sa pagbibigay sa mga kustomer ng nangungunang mga serbisyo sa paagusan para sa tinapong tubig at tubig ulan. Binibigyan ng malaking kahalagahan ng DSD ang pagtiyak sa pantay-pantay na paglapit ng aming mga kustomer sa mga serbisyo anuman ang kanilang lahi o pinagmulang lahi.

(A) Serbisyong Katanungan sa Counter

Mga Serbisyong May Kinalaman

- Ang Mga Serbisyong Katanungan sa Counter ng Sangay ng Serbisyo sa Imburnal (Sewage Services Branch) (SSB) ay naglalayong magbigay ng one-stop na serbisyo sa mga kustomer kaugnay sa Sewage Charge at Trade Effluent Surcharge alinsunod sa Ordinansa ng Serbisyo sa Paagusan.

Umiiral na Mga Panukala

- Ang Serbisyong Katanungan sa Counter ay inihahandog sa Tsino at Ingles sa pamamagitan ng counter ng serbisyo sa kustomer ng SSB.

  Ang mga polyeto sa mga pangunahing wika ng mga taong magkakaibang lahi (hal. Indonesian, Nepali, Urdu, Punjabi, Tagalog, Thai, Hindi at Vietnamese) ay inilagay sa mga lugar na madaling makita at naroroon sa counter ng serbisyo sa kustomer ng SSB upang isulong ang paggamit ng libreng serbisyong interpretasyon sa pamamagitan ng hotline ng Serbisyong Interpretasyong Pantelepono (TELIS) ng Sentro para sa Etniko Minorya (CHEER). Kung ang mga bisitang magkakaibang lahi na hindi nagsasalita ng Tsino o Ingles ay mangailangan ng serbisyong interpretasyon ng CHEER, ang mga kawani sa counter ay tutulong sa pagtawag sa TELIS. Ang mga kawani sa counter ay naghanda rin ng isang rehistro upang itala kung ang mga bisitang magkakaibang lahi ay nangangailangan ng naturang serbisyo.

Pagtatasa ng Gawain sa

- Pana-panahong susuriin ng DSD ang mga serbisyo nito para sa mga kustomer na magkakaibang lahi at gagawa ng

Hinaharap	pagpapabuti kung naaangkop.
Mga Karagdagang Panukalang Ipinatupad/ Ipatutupad	● Ang DSD ay mag-aayos ng on-the-job na pagsasanay para sa mga opisyal ng serbisyo sa kustomer na nagtatrabaho sa counter ng serbisyo sa kustomer ng SSB.

(B) Mga Serbisyong Katanungan sa Telepono

Mga Serbisyong May Kinalaman	● Layunin ng DSD na mabigyan ang publiko ng tapat, mataas na kalidad at nakatuon sa kustomer na serbisyong katanungan sa telepono kaugnay sa mga isyu ng paagusan pati na rin ang Sewage Charge at Trade Effluent Surcharge alinsunod sa Ordinansa ng Serbisyo sa Paagusan.
Umiiral na Mga Panukala	● Ang Serbisyong Katanungan sa Telepono ay inihahandog sa Tsino at Ingles.
Pagtatasa ng Gawain sa Hinaharap	● Patuloy na susuriin ng DSD pana-panahon ang mga serbisyo nito sa mga kustomer na magkakaibang lahi at gagawa ng mga pagpapabuti kung naaangkop.
Mga Karagdagang Panukalang Ipinatupad/ Ipatutupad	● Ang DSD ay mag-aayos ng on-the-job training para sa mga kawaning namamahala sa katanungan sa telepono. ● Ang DSD ay nakikipag-ugnay sa CHEER upang magkaloob ng serbisyong interpretasyong pantelepono gamit ang 3-way conference para sa mga etniko minoryang hindi nakapagsasalita ng Tsino at Ingles na tatawag sa hotline ng DSD sa 2300 1110.

Para sa mga katanungan tungkol sa mga umiiral at binabalak na mga panukala sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng lahi, mangyaring makipag-ugnay

kay Bb Kitty HO , Deputy Departmental Secretary/Pangkalahatang Pangangasiwa sa pamamagitan ng mga sumusunod na pamamaraan -

Telepono	:	3965 8034
Fax.	:	3103 0013
Email	:	enquiry@dsd.gov.hk
Address sa Koreo	:	19/F, Drainage Services Tower, 8 Ying Wa Street, Cheung Sha Wan, Kowloon

Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Paagusan
Mayo 2026